

Ang Kapanganakan ni Jesus

(Matteo 1:18-25, Matteo 2:1-15 at Lucas 2:1-21)

Sa isang maliit na bayan ng Nazareth, may isang dalaga na nanggagalang Maria. Siya ay nakatakdang ikasal sa isang lalaking nanggagalang Jose, na isang karpintero. Isang araw, nagkaroon ng hindi malilimutang karanasan si Maria, nagpakita sa kanya ang anghel ng Panginoon na si *Gabriel*. Sinabi ng anghel na si Maria ay pinili ng Diyos upang manganak ng isang lalaki, at ang bata ay papangalanang Jesus. Ang batang ito ay tatawaging Anak ng Kataas-taasan, at Siya ang magliligtas sa Kanyang mga tao mula sa kanilang mga kasalanan.



Nalito si Maria sapagkat hindi pa sila nagsasama ni Jose bilang mag-asawa. Ngunit tiniyak ni *Gabriel* na ang himala ay mangyayari sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Sa pagtitiwala kay Diyos, tinanggap ni Maria ang kanyang papel sa plano ng Panginoon.

Nang malaman ni Jose na nagdadalang-tao si Maria, siya ay labis na nabahala. Siya ay isang matuwid na tao at ayaw niyang ipahiya si Maria sa harap ng publiko, kaya't napagdesisyunan niyang tahimik na tapusin ang kanilang kasunduan sa kasal. Ngunit isang gabi, habang natutulog si Jose, nagpakita sa kanya ang isang anghel sa panaginip. Sinabi ng anghel, "Jose, anak ni David, huwag kang matakot na pakasalan si Maria. Ang batang dinadala niya ay mula sa Espiritu Santo. Siya'y manganganak ng isang lalaki, at ang pangalan niya'y tatawaging Jesus, sapagkat ililigtas Niya ang Kanyang mga tao mula sa kanilang mga kasalanan."

Nagising si Jose mula sa panaginip at sinunod ang utos ng anghel. Kinuha niya si Maria bilang kanyang asawa, ngunit hindi sila nagsama bilang mag-asawa hanggang sa ipinanganak si Jesus.

Nang panahong iyon, ipinag-utos ni Emperador Augustus Caesar na magkaroon ng sensus sa buong Imperyo ng Roma. Kinakailangang magparehistro ang bawat isa sa kanilang sariling bayan. Dahil si Jose ay mula sa angkan ni David, naglakbay siya kasama si Maria patungong Bethlehem, ang lungsod ni David.

Mahaba ang biyahe, at pagdating nila sa Bethlehem, handa na si Maria na manganak. Puno ang mga bahay paupahan dahil sa sensus, at wala nang lugar para sa kanila sa alinmang bahay-tuluyan. Kaya, natagpuan nila ang kanilang kanlungan sa isang kwarto ng mga hayop.

Nang gabing iyon, sa payak na lugar na iyon, isinilang ni Maria ang kanyang panganay na anak na lalaki. Binalot niya ito ng tela at inihiga sa isang sabsaban, isang lagayan ng pagkain ng mga hayop.

Sa mga bukirin malapit doon, may mga pastol na nagbabantay ng kanilang mga kawan. Bigla, nagpakita sa kanila ang isang anghel ng Panginoon, at naliwanagan sila ng kaluwalhatian ng Diyos. Sila'y lubos na natakot, ngunit sinabi ng anghel, "Huwag kayong matakot! Nagdadala ako ng mabuting balita na magdudulot ng malaking kagalakan sa lahat ng tao. Ngayon sa bayan ni David, isinilang sa inyo ang isang Tagapagligtas: Siya ang Kristo, ang Panginoon. Ito ang palatandaan: Matatagpuan ninyo ang isang sanggol na nababalot ng tela at nakahiga sa isang sabsaban."

Biglang nagpakita ang napakaraming anghel na sumasamba sa Diyos at nagsasabi, "Kaluwalhatian sa Diyos sa kaitaan, at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinagigiliwan Niya."

Nang makaalis na ang mga anghel, nagmadali ang mga pastol patungong Bethlehem. Natagpuan nila si Maria, si Jose, at ang sanggol na nakahiga sa sabsaban, tulad ng sinabi ng anghel. Punong-puno ng pagkamangha at kagalakan ang mga pastol, at ikinuwento nila ang lahat ng kanilang nasaksihan at narinig. Namangha ang lahat ng nakarinig ng kanilang kwento.

Pagkaraan ng ilang panahon matapos ipanganak si Jesus, dumating ang mga pantas mula sa Silangan sa Jerusalem, naghahanap ng bagong silang na hari. Nagtanong sila, "Nasaan ang ipinanganak na hari ng mga Judio? Nakita namin ang Kanyang bituin nang sumikat ito, at naparito kami upang sambahin Siya."

Nang marinig ito ni Haring Herodes, siya'y nabahala, pati na rin ang buong Jerusalem. Tinipon ni Herodes ang mga punong pari at mga tagapagturo ng batas, at tinanong kung saan isisilang ang Mesiyas. Sinabi nila, "Sa Bethlehem ng Judea," at binanggit ang hula ni propeta Mikas: 'Ngunit ikaw, Bethlehem, sa lupain ng Juda, ay hindi kailanman magiging pinakamaliit sa mga pinuno ng Juda; sapagkat mula sa iyo'y manggagaling ang isang pinuno na magpapastol sa aking bayan, Israel.'

Palihim na ipinatawag ni Herodes ang mga pantas at inalam ang eksaktong oras ng paglitaw ng bituin. Pinapunta niya sila sa Bethlehem at sinabi, "Pumunta kayo at hanapin nang mabuti ang bata. Kapag nakita ninyo Siya, balitaan ninyo ako upang makapunta rin ako at sambahin Siya."

Nagpatuloy ang mga pantas sa kanilang paglalakbay, sinusundan ang bituin. Dinala sila ng bituin sa eksaktong lugar kung saan naroroon ang bata. Lubos ang kanilang kagalakan nang tumigil ang bituin. Pagpasok nila sa bahay, nakita nila ang bata kasama si Maria, ang Kanyang ina, at sila'y nagpatirapa at sumamba sa Kanya. Pagkatapos, binuksan nila ang kanilang mga kayamanan at nag-alay ng mga regalo: ginto, insenso, at mira.

Ngunit nang gabing iyon, binalaan sila ng Diyos sa isang panaginip na huwag nang bumalik kay Herodes, kaya ibang daanan ang ginamit nila sa kanilang pag-uwi..

Pinahalagahan ni Maria ang lahat ng ito sa kanyang puso, at pinag-isipan ang kahulugan ng mga pangyayaring iyon. Pagkalipas ng walong araw, tinuli ang sanggol at opisyal na tinawag na Jesus, tulad ng iniutos ng anghel kina Maria at Jose.

Ibinigay ng Diyos ang pinakadakila at espesyal na regalo para sa atin, si Jesus. Ang kuwento ng kapanganakan ni Jesus ay nagpapakita kung gaano kamahal ng Diyos ang sangkatauhan sa pamamagitan ng pagbibigay ng pinakamahalagang regalo, ang Kanyang bugtong na Anak na si Jesus, upang iligtas tayo mula sa kaparusahan ng ating mga kasalanan. Ang Diyos ay nagmamalasakit sa ating espirituwal na buhay at kaligtasan.

